Deklarasyon ng UN sa mga Karapatan ng mga Katutubo sa Karapatan sa Lupa, Nasasakupan at Likas-yaman

"Ang lupain at nasasakupan na aming panirahan ay isang likas na biyaya mula sa lumikha at isang pamana para sa hinaharap na salinlahi. At gaano man kaganda ang programa ng pagsasaayos at paninirahan,hindi nito mapapalitan ang biyaya na aming natatanggap sa aming lupain -naninirahan sa NAGA na maapektuhan ng Mapithel Dam sa North-east India

Ritwal ng katutubo sa komunidad ng Karen sa hilagang Thailand

Ang katutubong mamamayan ay may natatanging ugnayang espirituwal sa kanilang tradisyonal lupain, nasasakupan , tubig, at mga likas na yaman, at sila ang may karapatan na panatiliin at mapatibay ang nasabing ugnayan.
Artikulo 25

Pagpapatitulo ng mga Buhid Mangyan ng Mindoro Island, Philippines

Ang mga katutubong mamamayan ay may karapatang magmay-ari, magpaunlad at mapamahalaan and lupain, nasasakupan at likas yaman na tradisyunal na pagmamay-ari, naangkin para sa ibat-ibang layunin. Dapat ligal na kilalanin at pangalagaan ng estado ang karapatan na ito sa pamamagitan ng paggalang sa tradisyunal na kaugalian, tradisyon at sistema ng pagmamay-ari sa lupa. Ang pagkilala at pagngangalaga nito ay dapat isagawa ng walang kinikilingan, bukas at malinaw na pamamaraan at mayroong lahatan at epektibong paglahok ng mga katutubo.
Artikulo 26, 27

Plantasyon ng palm oil sa Malaysia(Kuha mula sa itass)

. Ang mga Estado ay kailangan magkaroon ng mabisang pamamaraan at batas upang mapigilan ang pang-aagaw ng lupain, nasasakupan at likas na yaman at sapilitang asimilasyon o pagkasira ng kultura ng mga katutubo. Ang mga katutubong mamamayan ay hindi maaarin alisin sa kanilang lupain ng sapilitan o ilipat ng walang malaya, nauuna at napaalamang pagsang-ayon

Kung naagaw ang lupa, ang katutubong mamamayan ay may karapatan na magbigyan ng pagwawasto kabil-ang narito ang makatwirang kabayaran sa porma ng lupa, nasasakupan at likas na yaman katumbas ng halaga at uri at kung maari, may karapatang makabalik . Ang kabayaran ay dapat nagpagpasyahan ng may buo at epektibong partisipasyon ng mga katutubo
Artikulo 8, 10, 28

Processing site ng isang open-pit na minahan ng ginto sa Itogon, Cordillera Region

Ang mga katutubong mamamayan ay may karapatan na pangalagaan at proteksyunan ang kanilang kapaligiran at kapasidad sa produksyon ng kanilang lupain, nasasakupan, at likas na yaman. Ang mga Estado ay magsasagawa at magpapatupad ng mga programang tutulong sa ganitong pangangalaga at proteksyon.

Ang mga Estado ay dapat tiyakin na ang mga mapanganib na bagay ay hindi naiimbak at naitatapon sa mga lupain ng mga katutubo ng walang malaya, nauuna at napag-alamang pagsang-ayon. Kung naapektuhan ng mga mapanganib na bagay, ang mga programang nagsusubaybay at nagpapanumbalik sa kalusugan ng mga katutubo, na binuo ng mga taong naapektuhan, ay karampatang maipatupad.
Article 29

Militarisadong lugar sa Chittagong Hill Tracts, Bangladesh

Walang gawaing militar na maaring ipatupad sa mga lupain o nasasakupan ng mga katutubong mamamayan ng walang malaya, nauuna at napag-alamanan na pagsang-ayon o maliban kung ito ay hiniling ng mga katutubo.
Artikulo 30

Pagpapatag ng kagubatan sa nayon ng Yeav, probinsya ng Kratie, Cambodia para sa pagtaniman ng goma

Ang mga katutubong mamamayan ay may karapatang magtakda ng estratehiya sa pagpapaunlad ng kanilang lupa at likas na yaman. Ang mga estado ay kailangan makuha ang kolektibong malaya, nauuna at napag-alamang pagsang-ayon ng mga katutubong bago sang-ayunan ang anuman proyekto na makaka-apekto sa kanilang lupain at likas na yaman, lalo na nag may kinalaman sa paggamit ng mineral, katubigan at iba pang likas na yaman. Ang mga estado ay dapat magtakda ng patas na kabayarans sa anumang katulad na gawain at magsagawa ng naangkop na pamamaraan upang maibsan ang bigat ng pinsalang naidulot sa kapaligiran ekonomiya, sosyal at kultural o espiritwal
Artikulo 32

AIPP
Asia Indigenous Peoples Pact
www.aippnet.org

Produced by:
Asia Indigenous Peoples Pact (AIPP)
108 Moo 5, Tambon Sanpranate, Amphur Sansai
Chiang Mai 50210 Thailand
www.aippnet.org
Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP)
879 NCCP Bldg EDSA West Triangle Quezon City 1104
www.katutubongmamamayan.org

Background pictures:
A Buhid Mangyan boy from Mindoro Island, Philippines
Banaue rice terraces in Ifugao, Cordillera region of the Phillipines

Photo credits: Christian E. Erni, AIPP Archives